SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT
Office of the Deputy Superintendent

Mga Kaalaman para sa Magulang o Tagapag-alaga

Ang bawat paaralan ng distrito ay nagsisikap kasama ang mga mag-aaral, magulang, at tagapag-alaga na tulungan ang mga mag-aaral na magtagumpay sa mga aralin sa antas ng kanilang baitang at higit pa. Sa simula ng taon, ang inyong anak ay napagtantong nasa ***panganib*** na hindi nakakatupad sa pamantayang kailangan sa kaniyang antas na baitang. Sa panahong yaon, ang guro ay gumawa ng Kasunduang Aralin kasama ang mga iminumungkahing tulong sa aralin upang magtagumpay ang inyong mag-aaral. Nakabalangkas sa Kasunduang Aralin ang maaaring mangyari kapag ang inyong mag-aaral ay hindi nakatupad na makapasa sa katapusan ng taon – kasama na ang pagpapanatili sa kaniyang kasalukuyang baitang.

Sa pagtatapos nitong taon, muling sinuri ng guro ang nakayanan ng inyong anak sa mga aralin at kinalabasang pagsusuri upang mapagtanto kung ang inyong mag-aaral ay nakatupad sa mga kinakailangang makapasa. Ang *Decision to Retain or Promote* (na nasa kabila ng papel na ito) ay iniuulat ang pasiya ng guro kung ang inyong anak ay:

- Higit/Nasa/Malapit sa Inaasahan at ipapasa sa susunod na baitang;
- Mababa o Napakababa sa Inaasahan ngunit ipapasa na may karagdagang tulong sa susunod na baitang;
- Napakababa sa Inaasahan at pananatilihin sa kasalukuyang baitang.

Kalakip ng kasulatang ito ang mga resulta ng pagsusulit na ginamit ng guro ng inyong anak sa pagpapasiyang ito, gayundin ang mga araling pamagitan at tulong na maaaring matanggap ng inyong anak sa susunod na taon. Ang mga marka sa pagsusuri at antas ay ipinaliwanag sa talaan sa ibaba.

Malaking pag-iingat ang ginugol sa kapasiyahang panatilhin/ipasa; gayunman, kung tumututol kayo sa napagpasiyahan, maaari kayong magbigay ng panawagan sa punong-guro. Isang pagpupulong ang nakatakda para sa inyo at inyong anak upang makipagkita sa punong-guro at guro upang suriin ang mungkahing panatilihin. Kasunod ng pulong na ito, ang guro ay gagawa ng huling pagpapasiyang panatilihin o ipasa ang inyong anak, at kayo ay tatanggap ng sulat pagkatapos.

PAGPAPALIWANG SA MGA MARKA

Pagsusuri (Assessment)	**Ang ibig sabihin ng marka…**
Pagsusuri sa Pinagbuting Pagbasa (DRA)	Sinasabi ang antas ng aklat na kayang basahin ng inyong mag-aaral sa patnubay ng kanyang guro.
Evaluación del desarrollo de la lectura (EDL, Eng Learners)	
Talaan ng Maayos na Pagbasa (ARI)	Ipinapakita ang pagkakaiba ng kakayanan sa pagbasa ng mag-aaral at ang inaasahang antas ng baitang ng mag-aaral sa panahon ng pagsusulit.
Antas ng Kakayahan sa Pagbasa (DRP)	Nagpapamalas ng kaugnayan ng marka at ang inaasahang antas ng baitang sa panahon ng pagsusulit.
Pangmasid na Balangkas sa Pagbigkas ng Wika ng Mag-aaral (SOLOM, English Learners)	Limang antas na panukat sa galing ng pagbigkas sa wikang English, sa kabuuang marka mula 0-25..
Pagsusulit sa CA English Language Development (CELDT, English Learners)	Tumutukoy sa Markang Timbangan, na buhat sa bilang ng tamang sagot. Ang timbangang CELDT ay nakahanay mula 220-710 (Grades K-1), at 265-692 (Grades 2-12).
Pagsusulit ng Matematika sa Distrito (DMT)	Ipinapakita ang Hilaw na Marka, na bilang ng tamang sagot.
Pagsusulit na Paghahanda sa Algebra (MDTP)	Ipinapakita ang Hilaw na Marka, na bilang ng tamang sagot, at ang antas ng nakayanan.

PALIWANAG SA MGA ANTAS

Pagsusuri (Assessment)	**Ang ibig sabihin ng antas…**
DRA, EDL, ARI, DRP, DMT, MDTP, SOLOM	AAC = Higit/Nasa/Malapit sa Inaasahan
	B = Mababa sa Inaasahan
	FB = Napakababa sa Inaasahan
CELDT (Overall English Proficiency Level)	B = Nagsisimula
	EI = Maagang Kalagitnaan
	I = Kalagitnaan
	EA = Maagang Nangunguna
	A = Nangunguna